



Kahandaan Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad

Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management

Pagsasanib ng Karanasan
ng mga Lungsod ng Dagupan at Pasig
at Center for Disaster Preparedness
sa Project PROMISE

Pangalawang Edisyon
Center for Disaster Preparedness



**Kahandaan, Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad:
Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management**

**Pangalawang Edisyon
Center for Disaster Preparedness**

ni: Lorna P. Victoria at Mayfourth D. Luneta

Inilimbag ng:

Center for Disaster Preparedness
CSWCD Bldg. R. Magsaysay Ave.
University of the Philippines Campus
Diliman, Quezon City
Philippines
www.cdp.org.ph
Tel: 926-6996 at 928-7285

ISBN: 978 - 971 - 92365 - 4 - 2

Binibigyang pahintulot ng Center for Disaster Preparedness ang pagkopya o pagpaparami ng mga halaw mula sa manwal sa kasunduang magbibigay ng karamptang pagkilala sa naglimbag.



Kahandaan Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad

Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management

Pagsasanib ng Karanasan
ng mga Lungsod ng Dagupan at Pasig
at Center for Disaster Preparedness
sa Project PROMISE

Pangalawang Edisyon
Center for Disaster Preparedness

Lorna P. Victoria
Mayfourth D. Luneta

PAUNANG SALITA

Sa unang pagkakalimbag ng manwal “Kahandaan Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad: Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Management” noong 2003 inilahad ng Center for Disaster Preparedness (CDP) ang kanyang malaking pangarap na makitang ligtas, matibay at maunlad ang mga komunidad sa Pilipinas. Gamit ang manwal, nagpatuloy ang CDP sa pakikipagtulungan sa mga komunidad, mga NGO at pamahalaan sa pagpapataas ng kakayahan sa paghahanda at pagbawas ng peligro sa disaster sa pamamagitan ng mga pagsasanay. Sa paggamit at pagpapalaganap ng manwal, patuloy ding umunlad ang praktika at kaalaman ng CDP sa disaster risk management at nagkaroon ng dagdag na ambag sa pagpapaunlad ng mga larangan gaya ng paglahok ng mga bata at kabataan, pagsasanib ng gender perspective at pagkilala sa kakayahan at pagtugon sa mga partikular ng pangangailangan ng mga matatanda at may kapansanan.

Sa Pangalawang Edisyong ng manwal, isinama rin ng CDP sa mayaman niyang karanasan ang matagumpay na pakikipagtulungan sa mga komunidad at lokal na pamahalaan sa disaster risk management, partikular sa Program for Hydro-Meteorological Mitigation for Secondary Cities in Asia o PROMISE. Bahagi ng proyektong PROMISE ang paglahok ng mga taga-komunidad sa gawaing disaster risk management at pagpapalakas ng koordinasyon ng pamahalaang lungsod at mga taga-komunidad. Bukod sa Pilipinas, ang PROMISE ay ipinatupad sa pamamagitan ng suporta ng Asian Disaster Preparedness Center at USAID sa Bangladesh, Pakistan, Sri Lanka, at Vietnam. Sa Pilipinas, ipinatupad ang PROMISE kapartner ang Dagupan City mula 2005 – 2009 at kasama ang Pasig City nitong 2009 – 2010. Sa pamamagitan ng PROMISE, natulungan ang mga lokal na pamahalaan na maging integral na bahagi ng mga batayang serbisyo nila ang disaster risk management.

Ang manwal ay pangunahing nakatutok sa mga Tagapagpadaloy ng pagsasanay kung paano aangkop at kikilos sa paghahanda at pag-iwas sa mga peligro ang mga taga-komunidad. Isinanib sa Pangalawang Edisyon ng manwal ang praktika sa disaster risk management at pakikipagtulungan ng mga Pamahalaan Lungsod ng Dagupan at Pasig sa pamamagitan ng PROMISE sa mga barangay at komunidad. Inaasahang mapaparami ang mga lokal na pamahalaan at komunidad sa Pilipinas na aktibong lalahok sa pagpapataas ang kanilang kakayahan at sa pagpapababa ng pagkabulnherable sa mga pinsala ng panganib at disaster. Nilalayan ng gabay na ito na gawing tunay na disaster risk manager ang mga taga-komunidad at gayaundin ang mga taga lokal na pamahalaan. Bagamat ang pangunahing pananagutan sa disaster risk management (gaya ng sa iba pang batayang serbisyong panlipunan) ay nasa pamahalaan, ang paglahok ng mga taga-komunidad ay mahalaga sa kagyat at pangmatagalang pag-iwas at pagpapababa sa mga pinsala at paghihirap.

Gaya ng unang edisyon, ang manwal ay pangunahing binubuo ng limang bahagi o modyul at may dagdag na sipi sa mga tampok na mga pangyayari sa proyektong PROMISE sa mga lungsod ng Dagupan at Pasig. Ang unang modyul tungkol sa pagsusuri ng kalagayan sa komunidad at Pilipinas ay tuntungan sa pag-unawa sa mga batayang konsepto sa usaping disaster at disaster risk management na tinatalakay sa pangalawang modyul. Sa pangatlong modyul, idinidiin ang masinop na paghahanda at iba pang gawain ng komunidad katuwang ang iba pang gumaganap sa disaster risk management sa pagbawas ng peligro sa disaster. Ang ikaapat na modyul ay nakapatungkol sa paghahanda ng mga angkop na serbisyo sa panahon ng emergency. Ang pagbubuo ng isang plano ng komunidad sa pamamahala sa disaster (counter disaster plan, disaster risk management plan, disaster risk management action plan) at organisasyon sa komunidad na tututok sa gawaing disaster risk management ang paksa ng ikalimang modyul.

Nasa simple at madaling sundan na pormat ang manwal. May mga larawan o icon para sa layunin ng modyul at sesyon, pangunahing ideya, pamamaraang maaaring gamitin, daloy sa pagtalakay sa paksa, mga kailangang gamit, nakalaang oras, tip at sanggunian para sa tagapagpadaloy, at ilang babasahin o hand-out para sa mga kalahok.

Ang manwal ay kapaki-pakinabang sa mga lokal na pamahalaan, organisasyon at indibiwal sa komunidad at mga nakikipagtulungan sa kanila sa disaster risk management at iba't ibang larangan sa gawaing kaunlaran. Ang manwal na ito ay handog namin sa lahat ng naniniwala sa kahalagahan ng pagsasanay sa pagpapataas ng kakayahan para maiwasan ang disaster.

Zenaida Delica-Willison
Founding Board Member, CDP
Advisor, Special Unit for South-South Cooperation
UNDP Regional Centre Bangkok

PAGKILALA AT PASASALAMAT

Maraming kailangang pasalamatan at kilalanin sa pagbubuo at paglalabas ng Pangalawang Edisyon ng “Kahandaan Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad: Gabay sa Pagsaanay sa Disaster Risk Management Pagsasanib ng Karanasan ng mga Lungsod ng Dagupan at Pasig at Center for Disaster Preparedness. Kinikilala ang kanilang mahalagang kontribusyon sa pagpapayaman ng praktika at pagbubuo ng kaalaman sa community based disaster risk management kahit hindi sila partikular na natukoy at nailista.

Taos-pusong pasasalamat sa mga ka-partner ng Center for Disaster Preparedness (CDP) mula sa mga NGO, pamahalaan at komunidad na gumamit ng manwal mula nang una itong inilabas noong 2003 at nagbigay apirmasyon na angkop at kapakipakinabang ito sa pakikipagtulugan sa mga barangay at komunidad sa paghahanda at pagbawas ng pinsala at pagkabulnherable sa disaster.

Sa Dagupan City, inumpisahan ang PROMISE sa pamunuan at gabay ni Mayor Benjamin Lim at ipinatupad sa suporta ni Mayor Alipio Fernandez. Susi ang pagkilos ng Technical Working Group (TWG) sa pagpapalakas sa kakayahan ng 8 pilot barangay at pakikipagtulungan sa City Disaster Coordinating Council sa paglatag ng sistema ng disaster risk management at paglulunsad ng mga malalaking panglungsod na mga gawain. Kinikilala ang kontribusyon ng aktibo at masigasig na PROMISE TWG ng Dagupan City -- Emma J. Molina (focal person), Robert Erfe-Mejia, Dr. Leonard Carbonell, Rhoderick Dawis, Ryan Ravanzo, Ronald De Guzman, Felita C. Ugaban, Leila Natividad, Francisca Sangalang, Engr. Athena Arenas, Mae Viray, Milagros Q. Caoile, Marjorie A. Villanueva, Remedios F. Peralta, Teresita Pascua, Engr. Concepcion Cayabyab, Engr. Emmanuel Palaganas, Mel Zulueta, Royolita Prangan, Remito Cresencio, Edwin Palaganas, Ric Ceralde, Mary Jorgean Vidal, Engr. Camilo Cayabyab, Benjamin Francisco, Geraldine Dilan, at Melykhen R. Bauzon. Ang yumaong si Reggie Ubando ang masigasig na team leader at mahusay na tagapagbigay ng maagang babala sa barangay at iba't ibang ahensya.

Sa mga mamamayan ng Dagupan City, lalo na sa walong katuwang na barangay at mga aktibong BDCCs ng Bacayao Norte, Bacayao Sur, Lasip Chico, Lasip Grande, Mangin, Pogo Grande, Salisay at Tebeng sa paggamit ng mga natutunan sa mga pagsasanay at pagbabahagi ng kanilang karanasan sa disaster risk management sa iba. Kinikilala ang walang kapagurang pagsasakatuparan nila ng mga gawain para sa paghahanda ng kanilang mga komunidad.

Kay Vice Mayor Belen Fernandez, at Sangguniang Bayan sa pagpasa ng mga mahahalagang ordinansa para magtuloy-tuloy ang disaster risk management sa lungsod. Kay Konsehal Alex P. de Venecia sa pangunguna sa pagpasa sa Disaster Safety Day at kay Konsehal Farah Marie G. Decano sa pangunguna sa pagtatayo ng Emergency Operation Center (EOC). Ang mga nagawa nila ay maaaring pamarisan ng ibang lokal na pamahalaan.

Kinikilala ang kontribusyon nina Rafael Baraan, Butch Velasco, Angelina Bonifacio, Allan Dale Zarate, Alfredo Doria, Dea Que, Grace Castro, Arlene Agpuon, Audie Fernandez, Engr. Romeo Rosario, Engr. Jane Rosario, Aldrin Aquino, Sunshine Roble at yumaong Armando Fernandez sa pagsuporta mula sa pagbubuo ng proposal at unang taon ng implementasyon ng proyektong PROMISE.

Pinasasalamat si Mayor Bobby Eusebio at Madam Maribel Eusebio sa suporta at aktibong pakikilahok sa PROMISE Project at maunlad na pananaw na gawing handa ang Pasig sa ano mang bantang panganib sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pagsasanay para sa komunidad. Taos puso pasasalamat din sa TWG ng Pasig na aktibong nagsanay sa mga pilot communities ng proyektong - Mr. Gregorio G. Evangelista (focal person), Engr. Hermogenes N. Lerio, Engr. Nicolas Cruz, Engr. Alexander Ignacio, Mr. Joselito L. Comsti, Ms. Josephine P. Clemente, Mr. Jonathan G. Elaco, Mr. Edzel L. Cuaresma, Mr. Domingo B. Villanueva, Mr. Lauro R. Lopena, Mr. Allendri B. Angeles, Mr. Bonifacio Florece, Mr. Crispin Fuasa, Mr. Ritchie Van

Angeles, Mr. Noel C. Perez, Mr. Rommel Antinero, Ms. Francisca T. Delleva, Ms. Ma. Socorro P. Jalmasco, Ms. Nancy E. Galado, Mr. Gary Razon, Ms. Arlene Muhi, Ms. Millet Ancheta, Mr. Yves Montefalco, Ms. Romina Perla, Mr. Erwin A. Baluyot, Ms. Eloisa B. Samonte, Mr. Christian B. Santos, Ms. Kathryn F. Salandanan, Ms. Marilou B. Anselmo, Ms. Marietta Torio, Ms. Erlinda Jordan, Ms. Colleen Gail De Guzman, Ms. Jackielou Alino, Ms. Rosemarie D. Tallod, Mr. Leyrand L. Munsod, Mr. Allan L. San Gabriel, Mr. Aaron Acedillo, Mr. Dionisio Guirra, Ms. Raquel A. Naciongayo, Dr. Paulo A. Castro, Jr., Dr. Anthony Marquez, Mr. Horacio B. Apuyan, Jr., Mr. Frankie M. Muyco, Dr. Georgiana S. Galutera, Ms. Ann Grace Contreras, Ms. Ma. Christine Zapanta, Dr. Jose Bowen Poblete, Arch. Luisa S. Soriano, Mr. Rodolfo F. Concepcion, at Ms. Rhoda J. Formalejo.

Sa pamunuan ng mga barangay Santolan, Manggahan, Kalawaan, Pinagbuhatan, Rosario, Bambang, Maybunga at Sta. Lucia sa paggamit sa pagsasanay sa DRM sa pagbuo ng plano sa paghahanda, pagpapalahok at pagpapakilos sa komunidad.

Sa Asian Disaster Preparedness Disaster Preparedness Center, partikular sa Urban Disaster Risk Mitigation Team sa pamumuno ni Mr Arambepola, sa tiwala at tuloy-tuloy na gabay at suporta sa CDP at mga lungsod ng Dagupan at Pasig sa proyekto. Si Padma Karunaratne ang Program Manager ng PROMISE na tuwirang nakakipag-ugnayan at sumusuporta sa pagpapatupad ng proyekto sa mga lungsod ng Dagupan at Pasig. Si Gabrielle Iglesias ay malaki ang tulong na maibahagi ang mga nangyayari at magagandang praktika sa DRM sa loob at labas ng PROMISE. Si Amit Kumar ay tumulong sa pagsasanay sa Mainstreaming Disaster Risk Reduction in Governance habang si Suree Sungcharoen ay nagbigay ng pang-administratibong suporta.

Sa Board of Directors at istap ng CDP na nagtiyak sa partisipasyon ng mga taga-komunidad sa disaster risk management (DRM) at pagtulong sa papapalakas ng kakayahan ng mga lokal na pamahalaan na pakikipagtulugan sa mga komunidad sa DRM. Si Eufemia Castro-Andaya, Malu Felizar-Cagay at Lorna P. Victoria ang naglatag ng pundasyon sa pakikipagtulungan ng CDP at Asian Disaster Preparedness Center sa proyektong PROMISE sa Dagupan City at Pasig City. Pangunahing tinutukan ni Maris Palencia ang drill sa Early Warning System at Emergency Operatoins Centers habang si Adelina Alvarez naman ang gumabay sa pagpapakilos sa media sa Dagupan City. Si Marita Santos, Grace Molina, Fatima Molina, Jelyne Gealone, Michael Vincent Mercado at Leizl Love Jimeno ay tumulong sa pagpapatupad ng mga gawain sa proyektong PROMISE at pagpapalaganap ng karanasan sa disaster risk management ng CDP at mga ka-partner sa PROMISE sa iba't ibang pamamaraan -- sa pagsasanay, pagsusulat ng case study, presentation sa mga workshop, atbp.

Si Mayfourth G. Luneta ang Project Manager sa pagpapatupad ng proyekto at magaling na tagasanay at masigasig na katuwang ng mga opisyal, Technical Working Group at mga sinaklaw na barangay sa PROMISE sa mga lungsod ng Dagupan at Pasig.

Kay Bits P. Victoria at Pia Maske sa tulong sa paggawa ng bagong cover at tulong sa pagsusulat. Kay Vicky Diopenes para sa masinang na lay-out at tulong sa pagsusulat mula sa consultation version at pangalawang edisyon. Si Ria Toquero ay tumulong sa pagsulat ng mga ulat at pagsalin sa Filipino ng nilalaman ng powerpoint.

Kay Lorna P. Victoria at Mayfourth Luneta sa pagtiyaga na masulat, mabuo at mailabas ang pangalawang edisyon nitong manwal para patuloy na maparami pa ang mga yumayakap at nagtataguyod sa paglahok, pakilos at pakinabang ng mga komunidad sa disaster risk management mula sa hanay ng lokal na pamahalaan, NGO at komunidad sa Pilipinas.

Zenaida Delica-Willison
Founding Board Member, CDP
Advisor, Special Unit for South-South Cooperation
UNDP Regional Centre Bangkok

Nilalaman

Paunang Salita
Pagkilala at Pasasalamat

PAGSISIMULA		1
MODYUL 1: KALAGAYAN SA AMING LUGAR		29
SESYON 1: Mga Disaster at Panganib sa Aming Komunidad		30
SESYON 2: Mga Disaster at Panganib sa Pilipinas		33
MODYUL 2: MGA BATAYANG KONSEPTO SA DISASTER RISK MANAGEMENT		43
SESYON 1: Panganib, Pagkabulnerable, Kakayahan at Disaster		44
SESYON 2: Disaster Risk Management: Ang Panangga ng Komunidad		57
SESYON 3: Nagbabagong Pananaw sa Disaster Risk Management		72
MODYUL 3: MGA GAWAIN SA PAGHAHANDA SA DISASTER		79
SESYON 1: Pagsusuri sa Panganib, Pagkabulnerable at Kakayahan		80
SESYON 2: Pagtukoy ng mga Gawain sa Pagbawas sa Peligro sa Disaster ng Komunidad		96
SESYON 3: Kaalamang Pampublika		105
SESYON 4: Sistema para sa Maagang Babala		113
SESYON 5: Paglikas at Pamamahala sa Evacuation Center		118
MODYUL 4: MGA PARTIKULAR NA GAWAIN SA PANAHON NG EMERGENCY		123
SESYON 1: Pagsusuri ng Pinsala, Pangangailangan at Kakayahan		124
SESYON 2: Mga Angkop na Serbisyo sa Panahon ng Emergency at Pagbigay ng Relief		127
SESYON 3: Emergency Operations Center		134
MODYUL 5: PLANO AT ORGANISASYON SA PAGHAHANDA AT PAGHARAP SA DISASTER		138
SESYON 1: Plano ng Komunidad sa Pamamahala sa mga Disaster		139
SESYON 2: Pagbubuo at Pagpapalakas ng BDRRMC at mga Organisasyon sa Komunidad sa Disaster Risk Management		146
SESYON 3: Koordinasyon at Pakikipag-ugnayan		155
SESYON 4: Action Planning		159
PAGTATAPOS		163
ANNEX		165

PAGSISIMULA

Layunin:

1. Opisyal na buksan ang pagsasanay;
2. Ipakikilala ang mga Kalahok at Tagapagpadaloy o Training Team sa isa't isa;
3. Ilabas ang inaasahan ng mga Kalahok;
4. Magkaisa sa layunin, mga paksa at daloy ng pagsasanay; at
5. Maitakda ang teknikal na kaayusan gaya ng iskedyul, host teams, house rules, atbp.



Mga Gawain sa Pagsisimula:

1. Pagbubukas na Programa
2. Pagpapakilala
3. Mga Inaasahan
4. Disenyo ng Disaster Preparedness Training
5. Teknikal na Kaayusan



City of Pasig and CDP

PAGBUBUKAS NA PROGRAMA

Layunin:

1. Opisyal na pagbubukas ng Pagsasanay sa Paghahanda sa Disaster o Disaster Preparedness Training; at
2. Malugod na pagtanggap at pasasalamat sa mga Kalahok at kinabibilangang organisasyon sa pagpapahalaga sa pagdalo sa pagsasanay



Pamamaraan: Maikling programa



Nilalaman:

1. Panalangin at Pambansang Awit
2. Mainit na pagbati at pasasalamat sa mga Kalahok at mga organisasyon nila sa pagpapahalaga sa gawaing paghahanda sa disaster at sa pagdalo sa pagsasanay.
3. Pambungad na Pananalita at mga Mensahe ng mga namumuno sa organisasyon, komunidad, at/o lokal na pamahalaan



Daloy:

1. Ang grupong nag-organisa ng pagsasanay ang pangunahing responsable sa programa sa pagbubukas.
2. Piliin at imbitahin ang mga magbibigay ng Pambungad na Pananalita at mga maikling Mensahe.
3. Ayusin ang ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain at magsasalita.



Mga Kailangan:

1. Imbitasyon sa mga magsasalita at panauhin
2. Paghahanay ng mga gawain at tagapagsalita

Oras: 15 minuto

Tip sa Tagapagpadaloy:

Makakapagpalapad ng suporta sa gawaing paghahanda sa disaster ang pag-imbata ng mga panauhin para magbigay ng Mensahe sa simula ng pagsasanay. Kung 'di sa pagbubukas, maaaring mag-imbata sa pagtatapos o sa ilang sesyon ng pagsasanay.



DISENYO NG PAGSASANAY

Community Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) Training Barangay Santolan, Pasig City March 18-19, 2010

Layunin:

- Pagkatapos ng pagsasanay ang mga partisipante ay:
- Mayroon ng ginawang Mapa ng Bantang Panganib
- Mailalarawan na ang kalagayan ng barangay.
- Masasabi na ang mga Bantang Panganib na meron sa Santolan; Bulnerbilidad at Kapasidad ng komunidad
- Maipapaiwanag ang mga batayang Konsepto ng Disaster
- Maipapaliwanag ang CBDRRM
- Makakapagbigay ng mga halimbawa ng mga Gawain bago Dumating ang disaster, Habang me disaster, at pagkatapos ng disaster
- Makakapagawa ng ibat ibang pamamaraang ng Pagkampanya sa Pagpapaalam sa Publiko ng tungkol sa CBDRRM
- Makapaglahad ng ibat ibang tips sa paghahanda sa ibat ibang klase ng Disaster
- \Makapaglahad ng isang buhay na halimbawa ng isang Maagang BABALA na Gawa ng Barangay
- Makapagtukoy ng angkop ng Evacuation Centers sa Barangay
- Maipaliwanag ang mga prinsipyo at proseso sa Relief
- Tutulong sa pagpapalakas ng Barangay Disaster Coordinating Council
- Bubuo ng CBDRRM team
- Gagawa ng simpleng CBDRRM Action Plan.
- Maipaliwanag at masabi ang Gawain at Istruktura ng BDCC at ng Pasig City Disaster Coordinating Council (PCDCC)
- Strengthen the Baranga TWG into teams and assign specific pilot communities

Mga Kalahok o Paritsipante ng Pagsasanay:

Mga Pinuno ng ibat ibang sector ng Barangay Santolan, Kasama ang BDCC

Nilalaman:

Module 1: Mga Disasters at Kalagayan sa Ating Barangay

- Workshop tungkol sa pagsusuri ng bantang panganib, bulnerabilidad, at kalakasan ng barangay.
- Hazard Map (mapa na nagsasaad ng bantang panganib)
- Mga Organisasyon na malapit sa aking Puso
- Kabuhayan, Kalusugan at Kaugalian
- Ang mga nakaraan na disasters(disaster timeline)
- Mga elemento ng barangay na nanganganib

Module 2: Ano ang mga batayang konsepto ng Disaster

- Bantang Panganib
- Bulnerabilidad
- Kapasidad
- Disaster

Module 3: Ano ang CBDRM?

- Workshop 2: DRR Activities ng Barangay, City at NGO
- DRM and DRR Framework
- CBDRM Approach
- Mga Gawain Bago Dumating ang Disaster
- Kaalamang Pampubliko sa Paghahanda
- Tips sa Paghahanda
- Maagang Babala
- Mga Gawain sa Panahon ng Emergency
- Damage Needs Capacity Assessment
- Relief and Relief delivery Operation
- Evacuation and Evacuation Center Management

Module 4: Disaster Coordinating Councils

- BDCC
- Pasig City Disaster Coordinating Council

Module 5: Disaster Risk Reduction Plan

Community Based DRRM Training Barangay Santolan

Time	Day 1:	Day 2:
08:00 – 9:00	Arrival of Participants/Registration Opening Program Expectation Check Learning Team Formation Admin and Logistical Arrangements	Recap Mga Gawain sa Panahon ng Emergency <ul style="list-style-type: none"> • Damage Needs Capacity Assessment • Relief and Relief delivery Operation
09:00- 10:00	Module 1:Mga Disasters at Kalagayan sa Ating Barangay <ul style="list-style-type: none"> • Workshop tungkol sa pagsusuri ng bantang panganib, bulnerabilidad, at kalakasan ng barangay. <ul style="list-style-type: none"> • Hazard Map (mapa na nagsasaad ng bantang panganib • Mga Organisasyon na malapit sa aking Puso • Kabuhayan, Kalusugan at Kaugalian • Ang mga nakaraan na disasters(disaster timeline) 	Evacuation and Evacuation Center Management
10:00 - 10:20	Break/Snacks	Break/Snacks
10:20 - 12:00	Diskusyon at Pagsusuma ng Elementong nasa Panganib Presentasyon	Module 4: Disaster Coordinating Councils <ul style="list-style-type: none"> • BDCC • Pasig City Disaster Coordinating Council
12:00 – 1:00	Tanghalian	Tanghalian

1:00-3:00	<p>Module 2: Ano ang mga batayang konsepto ng Disaseter</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bantang Panganib • Bulnerabilidad • Kapasidad • Disaster <p>Module 3: Ano ang CBDRRM?</p> <ul style="list-style-type: none"> • Workshop 2: DRR Activities ng Barangay, City at NGO • DRM and DRR Framework • CBDRRM Approach 	<p>Module 5: Disaster Risk Reduction Plan</p> <p>Evaluation</p> <p>Adventist Community Service –Barangay Santolan MOA</p>
03:00 - 03:15	Break/Snacks	Break/Snacks
03:15 – 05:00	<ul style="list-style-type: none"> • Mga Gawain Bago Dumating ang Disaster • Kaalamang Pampubliko sa Paghahanda • Tips sa Paghahanda • Maagang Babala <p>Feedbacking</p>	



Ang mga nasanay sa disaster risk management mula sa Technical Working Group sa lungsod ng Dagupan at Pasig ang katuwang ng proyektong PROMISE sa pagsasanay at pagpapalakas ng kakayahan ng mga barangay at komunidad.

MODYUL 1

KALAGAYAN SA AMING LUGAR

Layunin:

Pagkatapos ng Modyul 1, inaasahang kaya ng bawat Kalahok na:

1. Isalarawan ang kalagayan o disaster situation ng kanilang komunidad; at
2. Ikumpara ang pagkakaipareho at pagkakaiba ng disaster situation ng kanilang komunidad sa kalagayan ng ibang lugar sa Pilipinas

Bilang ng Sesyon: 2



Sesyon 1: Mga Disaster at Panganib sa Aming Komunidad

Sesyon 2: Mga Disaster at Panganib sa Pilipinas



City of Pasig and CDP

MODYUL 2

MGA BATAYANG KONSEPTO SA DISASTER RISK MANAGEMENT

Layunin:

Pagkatapos ng Modyul 2, inaasahang kaya ng bawat Kalahok na:

1. Ipaliwanag ang ugnayan ng panganib (hazard), pagkabulnerable (vulnerability), at kakayahan (capacity) sa usaping disaster;
2. Tukuyin ang mga halimbawa ng mga gawain sa pamamahala sa disaster bago ito dumating, sa panahon ng emergency, at pagkatapos ng disaster; at
3. Sabihin ang kahalagahan at mga katangian ng disaster risk management ng komunidad o community based disaster risk management



Bilang ng Sesyon: 2

- Sesyon 1: Panganib, Pagkabulnerable, Kakayahan at Disaster
- Sesyon 2: Disaster Management: Ang Panlaban ng Komunidad
- Sesyon 3: Mga Nagbabagong Konsepto sa Disaster Management



City of Dagupan Information Office and CDP

MODYUL 3

MGA GAWAIN SA PAGHAHANDA SA DISASTER

Layunin:

Pagkatapos ng Modyul 3, inaasahang kaya ng bawat Kalahok na:

1. Gawin ang pagsusuri sa panganib, pagkabulnerable at kakayahan;
2. Tukuyin ang mga gawain para mabawasan ang peligro sa disaster;
3. Tukuyin ang mga angkop na aktibiti, porma at mga dapat isaalang-alang (*tips*) para sa kaalamang pampulikong maaaring gawin sa komunidad.
4. Ipaliwanag ang angkop na sistema ng pagbibigay ng maagang babala sa komunidad;
5. Makahalaw ng aral kaugnay ng paglikas bilang isang gawain sa paghahanda mula sa hersisyo (*disaster exercise or simulation*)



Bilang ng Sesyon: 5

- Sesyon 1: Pagsusuri sa Panganib, Pagkabulnerable at Kakayahan ng Komunidad (Hazard Vulnerability Capacity Assessment)
- Sesyon 2: Pagtukoy ng mga Gawain sa Pagbawas sa Peligro sa Disaster sa Komunidad
- Sesyon 3: Kaalamang Pampubliko (Public Awareness)
- Sesyon 4: Sistema sa Maagang Babala (EarlyWarning)
- Sesyon 5: Paglikas (Evacuation) at Pamamahala sa Evacuation Center



City of Dagupan Information Office and CDP

MODYUL 4

MGA PARTIKULAR NA GAWAIN SA PANAHON NG EMERGENCY

Layunin:

Pagkatapos ng Modyul 4, inaasahang kaya ng bawat Kalahok na:

1. Tukuyin ang mga datos at impormasyong kailangan ng komunidad at iba't ibang ahensya para magsagawa ng mga tulong sa panahon ng emergency
2. Tukuyin ang mga ankop at napapanahong serbisyo at gawain sa panahon ng emergency mula sa resulta ng Pagsusuri ng Pinsala Pangangailangan at Kakayahan.
3. Tukuyin ang mga rekisito, kinakailangang pagsasanay, lohistika at suporta para mapataas ang kakayahan ng komunidad na gampanan ang mga serbisyo at gawain sa panahon ng emergency



Bilang ng Sesyon: 5

Sesyon 1: Pagsusuri sa Pinsala, Pangangailangan at Kakayahan

Sesyon 2: Mga Angkop Na Serbisyo at Gawain sa Panahon ng Emergency
at Pagbigay ng Relief

Sesyon 3: Emergency Operations Center



MODYUL 5

PLANO AT ORGANISASYON SA PAGHAHANDA AT PAGHARAP SA DISASTER

Layunin:

Pagkatapos ng Modyul 5, inaasahang kaya ng bawat Kalahok na:

1. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng plano at organisasyon sa pamamahala sa mga disaster sa komunidad
2. Buuin ang plano ng komunidad sa pamamahala sa mga disaster
3. Tukuyin ang mga partikular na gawain ng organisasyon sa pamamahala sa mga disaster sa komunidad
4. Ipaliwanag ang kahalagahan ng koordinasyon sa pagpapatupad ng mga gawain sa pagbawas ng peligro sa disaster
5. Gawin ang balangkas ng mga kagyat na gawain pagkatapos ng pagsasanay sa DPT



Bilang ng Sesyon: 2

Sesyon 1: Plano ng Komunidad sa Pamamahala sa Mga Disaster

Sesyon 2: Pagbubuo at Pagpapalakas ng Organisasyon sa Pamamahala sa mga Disaster sa Komunidad

Sesyon 3: Koordinasyon at Pakikipag-ugnayan


Sesyon 4: Action Planning



City of Dagupan Information Office and CDP

ANNEX 2

CBDRM Dagupan City Experience




COMMUNITY-BASED DISASTER RISK MANAGEMENT
EXPERIENCE OF DAGUPAN CITY



The five (5) project areas of Project PROMISE, our eye-opener in Community Based Disaster Risk Reduction.




Dagupan City is grateful to be chosen as the project site. The city and the vulnerable communities became proactive and more prepared during disasters.








A Technical Working Group (TWG) from the core of the City Disaster Coordinating Council was organized.



The members were trained on Community Based Disaster Risk Management and Participatory Risk Assessment.

The training enabled them to have Skills in data base preparation for disaster management planning.



Organization of Barangay Disaster Core Teams

Transfer of knowledge, skills and proper attitude on CBDRM from the city to the communities was facilitated with the active cooperation and assistance of those organized in the barangay

CBDRM and PRA Training in 8 Pilot Barangays



LAÑIP GRANDE, MANGIN, SALISAY, BACAYAO SUR, POGO GRANDE, TEBENG, BACAYAO NORTE, and LAÑIP CHICO

Assess the social /organizational aspect

Social Venn Diagram

KKK – Kabuhayan, Kalusugan, at Kaugalian (Livelihood, Health and Attitude)

Assess attitudinal aspect

BUILDING CAPACITIES FOR RESILIENT COMMUNITIES

EARLY WARNING SYSTEM



Risk Maps, Disaster Action Plans and the Manual for Early Warning System and Evacuation Plan were prepared and finalized by the communities.



Local and indigenous warning equipments like the "KANUNGKUNG" and church bells became an integral part of the warning system that was developed in the communities.

Data from hazard maps were later on used to prepare 3D maps using the GIS map of the communities. It presented individual data per household in low, medium and high risk areas.







The communities utilized existing structures in the locality as flood water level gauges and used them as basis for evacuation activities

EVACUATION PLANS AND ROUTES

Evacuation routes, safe pick-up points, holding areas and evacuation centers were determined by the communities




CITY LEVEL EARLY WARNING SYSTEM

Barangay	Disaster Risk	Warning System	Response	Recovery
Barangay 1	High	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 2	Medium	Door-to-door	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 3	Low	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 4	High	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 5	Medium	Door-to-door	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 6	Low	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 7	High	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 8	Medium	Door-to-door	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 9	Low	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution
Barangay 10	High	Community Meeting	Evacuation	Relief Distribution

DISASTER MITIGATION PROGRAMS






1. Waste segregation is practiced in the barangays where garbage is collected by them at source.

2. Mangrove rehabilitation and planting activities






3. Structural Mitigation projects were also implemented






4. Institutionalization of Disaster Consciousness "Culture of Safety"





*55,000 elementary and high school students joined the simultaneous earthquake drill in the private and public schools of Dagupan City




*Students participated in essay-writing, poster-making and oratorical contests

Disaster Consciousness Activities



POSTER DESIGN CONTEST



QUIZ BEE CONTEST







ESSAY WRITING CONTEST






EXTEMPORANEOUS SPEAKING AND ORATORICAL CONTEST

EMERGENCY OPERATIONS CENTER





This center operates 24/7 within the City Hall premises. During any calamity this functions as the Operations Center of the CDCC. On normal days, the facility serves as an assistance center to visitors and others needing help.



These are some of the amenities in the EOC which are used in the day to day operations to perform assistance, monitoring, response and rescue.



Simulation exercises were conducted at the barangay and city levels



Expansion of CBDRM activities to other Barangays in Dagupan City and in the Province



Governance and DRR Course - cum study visit for neighboring towns and cities

MOA signing for Northern Luzon DRR Network with Mayors and Officials in the Province

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang laging sinasalanta ng disaster. Ang paulit-ulit na karansan sa disaster ay ngayo’y nagtutulak na kilalanin ang kahalagahan ng paghahanda at ang paglahok ng mga taga-komunidad sa gawaing disaster risk management. Bagamat salik ang mga partikular na lokasyon at pisikal na katangian ng Pilipinas, hindi naman dapat ang bagyo o lindol maging disaster kung ang mga panganib mula sa kalikasan ay napaghahandaan at mga panganib na gawa ng tao ay naiiwasan.

Mapapababa ang dalas at pinsalang dulot ng disaster kung mapaparating sa mga taga-komunidad ang tamang impormasyon at angkop na pamamaraan at teknolohiya sa pag iwas, paghahanda at pagharap sa mga bantang panganib. Gayundin, kailangan palakasin ang kakayahan ng mga taga-komunidad at lokal na pamahalan dahil sila ang unang humaharap at tumutugon.

Ang “Kahandaan, Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad: Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management” ay naglalaman ng mga pinakabagong konsepto sa pag-unawa sa usaping disaster at mga angkop na balangkas at gabay sa pagpapalakas ng kakayahang bigyang proteksyon ang sarili, pamilya, at komunidad. Sa pamamagitan ng sama-samang pag-aaral ng kalagayan at pagtutulungan, makakagawa at makapagpapatupad ng mga abot-kayang solusyon at plano sa pagsangga at pagharap sa mga panganib at disaster.

Sa pangalawang edisyon ng manwal ay pinagsanib ang karansan ng Center for Disaster Preparedness at mga lungsod ng Dagupan at Pasig sa Program for Hydro-Meteorological Mitigation for Secondary Cities in Asia o PROMISE sa pagsasanay at pagtutulungan ng lokal na pamahalaan at komunidad sa gawaing disaster risk management. Tulad ng naunang edisyon, ang manwal na ito ay isa pa ring ambag sa pagbubuo ng mga komunidad at lipunang maunlad, ligtas at matibay sa pagharap sa mga panganib at disaster. Parang kawayan na humahapay sa hagupit ng malakas na hangin at ulan, maaaring maging matatag ang mga komunidad dumating man ang anumang unos!



Center for Disaster Preparedness Foundation, Inc.
CSWCD Bldg., R Magsaysay Ave.,
University of the Philippines Campus,
Diliman, Quezon City Philippines
Tel Nos.: (+632) 9266996 / 9287285
www.cdp.org.ph



CBDRM Training
and Learning Circle
Philippines